**GRADE V**
**WASTONG PARAAN NG PAGKUKUMPUNI**

## ALAMIN MO

***Alam mo ba na malaki ang naitutulong ng pagkakaroon ng wastong kaalaman sa paraaan ng pagkukumpuni?***
***Kung ibig mong malaman ang mga simpleng pamamaraan, marapat na isaulo at paghusayan ang pag-aaral sa paksang ito.***
***Kung walang kahusayan o kasanayan sa wastong paraan ng pagkukumpuni ang isang batang katulad mo ay marahil makapagdudulot ito ng kapahamakan hindi lamang sa iyo kundi pati na rin sa iyong kasambahay.***

***Sa modyul na ito ay matututuhan mong:***

- ***Makasunod nang wasto sa paraan ng pagkukumpuni***



## PAGBALIK-ARALAN MO

**Buuin ang mga salita ng naaayon sa gamit at pagkakapangkat nito:**

A. Pagkumpuni sa mga bagay na yari sa kahoy.

1. m _ _ t _ _ y _


2. _ a _ a r _

3. k _ t a _

B. Mga kagamitan sa pagkukumpuni ng mga gamit na pang-elektrisidad.

1. d _ s _ u _ _ _ _ y _ _ o r

2. _ l _ e _



## PAG-ARALAN MO

***Bago mo gawin ang pagkukumpuni, mahalagang malaman mo muna ang wastong pamamaraan nito. Wala namang mawawala kung susundin mo nang tama ang bawat hakbang ng wastong pamamaraan manapa ay makakatulong pa ito sa iyong kaligtasan sa oras ng iyong pagkukumpuni.***

- Pagkukumpuni ng sirang upuan (paa)



Kagamitan:


Martilyo, lagari, pako, katam, panukat

Pamamaraan:

Maingat na putulin ang bahagi ng upuan na may sira sa pamamagitan ng lagari, gamitin ang panukat at sukatin ang bahaging pinutol. Kumuha ng kahoy at putulin ito sa tamang sukat. Pakinisin ang gagamiting pamalit sa pamamagitan ng katam. Panghuli ay pagdugtungin ang bahagi ng pinagputulan at ang ginawang kapalit sa paraang ito gumamit ng pako at martilyo upang maging matibay ang pagkukumpuni.

- Pagkukumpuni ng nasirang hawakan ng pandakot (dust pan)

  Madalas sa ating pagwawalis ay hindi maiwasang mabali ang hawakan ng ating "dust pan" o pandakot. Para makumpuni ang nasirang hawakan, kumuha lamang ng kahoy na may kainamang laki at lapad na akma sa nabaling hawakan. Gamit ang lagari, putulin ang napiling kahoy sa gustong haba. Ilapat ang kahoy sa pinagputulang bahagi at maingat na ipako gamit ang martilyo.



- Kung nakasunod ka nang wasto sa paraan ng pagkukumpuni "BINABATI KITA!
  Ibahagi mo ang iyong natutuhan sa iyong mga kaklase at kaibigan

**SUBUKIN MO**


- Kasama ang iyong mga kaklase at kaibigan humanap ng mga sirang kagamitan na gawa sa kahoy at subukin ninyong kumpunihin ito.

- Pagkatapos kumpunihin ang mga nasirang kagamitan kunin ang kuwaderno at isulat ang mga kasangkapang inyong ginamit sa pagkukumpuni.

- Gamitin ang talaan sa ibaba.

| Sirang Gamit | Kasangkapang Ginamit sa Pagkukumpuni |
|---|---|
| 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. | |

- “MAHUSAY!” at nakasunod ka nang tama sa paraan ng pagkukumpuni.




**TANDAAN MO**

- Mahalagang malaman na bago pa simulan ang anumang gawain ay isaisip muna ang wastong panuntunan sa paggawa

- Upang makaiwas sa anumang sakuna sa panahon ng pagkukumpuni o paggawa, gamitin ang mga kagamitan sa wastong pamamaraan.

- Habang maliit pa ang sira ng kasangkapan kumpunihin na ito ng hindi na lumaki pa.

- Makatitipid ka nang malaki kung marunong kang magkumpuni.




**ISAPUSO MO**


1. Ano ang dapat mong gawin upang tumagal ang ating mga kagamitan sa bahay o paaralan?
2. Kung may nakita kang sira sa iyong mga kagamitan sa bahay, kailangan mo na itong ___________________.
3. Ano ang dapat mong sundin sa panahon ng iyong pagkukumpuni?

## GAWIN MO


- Isulat sa iyong kuwaderno ang gamit ng mga sumusunod na kasangkapang pangkumpuni.

1. 

______________________
______________________
______________________
______________________

2. 

______________________
______________________
______________________
______________________

3. 

______________________
______________________
______________________

- Isaulo ang tula


Isipin lagi ang pag-iingat
Upang sa sakuna ay maligtas
Kahit na tayo'y nagmamadali
Hindi dapat magkamali.



**PAGTATAYA**

- Lagyan ng tsek (√) kung nasunod nang wasto ang mga gawain at ekis (x) naman kung hindi.

| Gawain | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Nakasunod ba ako nang wasto sa paraan ng pagkukumpuni? | | |
| 2. Ginamit ko ba ng tama ang mga kasangkapan sa pagkukumpuni? | | |
| 3. Naging maingat ba ako sa aking paraan ng pagkukumpuni? | | |
| 4. Nakatulong ba sa akin nang malaki ang modyul na ito upang ako'y maging maingat? | | |



**Kung nasagutan mo nang buong husay ang bahaging Pagtataya ng modyul, binabati kita! Maaari mo nang pag-aralan ang susunod na modyul.**